**Research and Analysis Journals 5(12): 30-38, 2022**

**e-ISSN: 2589-9228, p-ISSN: 2589-921x**

**© 2022, RAJ**

**Research Article**

# Istoryang Turismo Ng Bulusan

**Aubrey Lyn N. Surban, MAED, Felisa D. Marbella, PhD**

Pampamahalaang Pamantasan ng Sorsogon, Paaralang Gradwado, Lungsod Sorsogon

## Abstract:

Natiyak sa pag-aaral na ito ng mga istoryang nakapaloob sa turismo ng Bulusan, lalawigan ng Sorsogon.Deskriptib-debelopmental na disenyo ang ginamit ng mananaliksik sa pag-aaral na ito upang malaman ang mga istorya ng mga kilala at bagong usbong na turismo sa bayan ng Bulusan. Random sampling ang ginamit ng mananaliksik sa pagpili ng kalahok. Binubuo ito na 10 kalahok mula sa pangkat ng mag-aaral, komunidad, lokal na pamahalaan ng Bulusan at mayroon ding mga turista. Ang kabuuang bilang ng kalahok ay 40. Ginamit ng mananaliksik ang tseklist sa pangangalap ng datos. Nagsagawa rin ng interbyu ang mananaliksik sa mga namamahala o may-ari ng mga turismo na mayroon sa Bulusan. Ang mga nalikom na datos ay sinuri at binigyang interpretasyon sa pamamagitan ng nararapat na estadistika tulad ng frequency count at pagraranggo.

Marami na ang kilalang turismo sa bayan ng Bulusan napapangkat ito sa mga beach resorts, lawa, pasyalang tanawin, natural spring at eco-park. Iba't iba ang dulot ng turismo ng Bulusan Ang maidudulot ng turismong Bulusan, sa edukasyon ay magagamit bilang lunsaran sa pagtuturo ng kultura at tradisyon ng bayan ng Bulusan. Sa komunidad, makakapagbigay ng karagdagang hanapbuhay sa mga mamamayan. Sa lokal na pamahalaan tulong ito sa pagkakaroon ng gabay sa pagbuo ng mga organisasyon na magpapaunlad sa turismo. Samantalang sa turismo ito ay napgapataas ang kawilihang tuklasin ang natatagong ganda ng kapaligiran. Malaki ang ambag ng wikang Filipino sa turismo ng Bulusan lalo sa pagpapakilala magagawa nitong mapaunlad ang turismo kasabay ng wika. Inirerekomenda na kailangang paigtingin pa ang pagpapakilala at promosyon ng turismo ng Bulusan at maaaring maging daana ng social media upang ito' maisakatuparan nang sa gayon ito ay higit pang makilala ng mas nakakarami. Maaaring magamit ng mga mag-aaral ang literaturang bunga ng pag-aaral na ito upang maging lunsaran sa pag-aaral. Sa komunidad, makakatulong ang literaturang ito upang malaman ang mga impormasyon patungkol sa turismo ng Bulusan na magiging gabay nila para makapagbigay impormasyon sa mga nagtatanong na turista.

**Keywords: istorya, turismo, bayan ng Bulusan, pagpapakilala, ambag.**

## Introduksyon

Ang daigdig ay likas sa iba't ibang tanawin simula sa kabundukan hanggang sa karagatan. Isa ang turismo sa itinuturing na daan upang maging magaan at masaya ang pamumuhay ng mga tao. Kaakibat ng turismo ay ang kasaysayan kung bakit o paano sila umusbong at nakilala ng mga tao. Sa pagpapasalin-salin ng dila ng mga tao naibunyag sa publiko ang mga natatanging turismo na mayroon ang isang lugar.

Tunay ngang ang turismo ay kaakibat ng pamumuhay ng isang tao. Likas na sa isang tao ang makapaglibang at makapamasyal kahit sa maikling panahon lamang. Ito ay isang pangangailangan upang mapanatiling balanse ang ating mental na kalusugan.

Ayon sa UNWTO Covid 19 and Tourism (2020)[1], mas nakilala ang lokal na turismo dahil mas pinili na lamang ng mga turista ang mag-*staycation* o magbakasyon sa malapit lamang sa kanilang tahanan. Kasabay nito ay ang paghahanap ng mga tao ng isang awtentikong lugar kaya naman mas nabigyang-pansin ang mga lokal na komunidad. Kasama sa pagiging awtentiko ng isang lugar ay ang mga istorya sa likod nito. Mga kwento na nagsasalaysay kung paano nabuo ang isang lugar. Sa pamamagitan ng mga kwentong ito ay nagiging madali para sa mga turista na maalala ang isang lugar at ang mga kwentong ito rin ang dahilan kung bakit nila gugustuhing bumalik. Ika nga ni Mr. Zurab Pololikashvili "Sa buong mundo, sa mga bansang umuunlad pa lamang ay maraming trabaho at negosyo ang nakadepende sa malakas at umuusbong na turismo.

Ang turismo rin ang nagsisilbing puwersang tumutulak upang protektahan ang mga natural at kultural na pamana nang sa gayon ito ay mapangalaan para sa mga susunod pang henerasyon. Ang mga nasabing pahayag ng UNWTO ang isang basehan na nagpapatunay na kailangang pag-aralan ang mga natatanging turismo ng bawat lugar nang sa gayon ito ay maprotektahan at mapangalagaan upang mapakinabangan pa ng mga susunod na henerasyon.

Batay rin sa National Commission for Culture and Arts na siyang namumuno sa paggawa ng mga batas para sa kultura at arte. Ang komisyon ay inatasan sa ilalim ng R.A 10066 o mas kilala sa tawag na National Cultural Heritage Act of 2009[2] sa pamamagitan ng mga kultural na ahensiya at mga lokal na pamahalaan na magtatag at mapanatili ang Philippine Registry of Cultural Property (PRECUP). Inatasan ang mga lokal na pamahalaan na mapanatili ang imbentaryo ng mga kultural na

pagmamay-ari na nasa ilalim ng kanilang hurisdikyon at magbigay ng kanilang tala sa NCCA. Para nga matulungan ang mga lokal na pamahalaan para matukoy ang mga kultural na pagmamay-ari, nagsagawa ang NCCA ng Cultural Mapping Program at kasama nga sa benepisaryo ng Cultural Mapping Program ay ang lokal na pamahalaan ng Bulusan. Kung saan binisita ang iba't ibang mga kultural na lugar na mayroon ang Bulusan maging ang mga atraksyon na mayroon ito. Ang gawaing ito ay isang hakbang sa pagpapakilala ng mga atraksyon sa Bulusan na siyang hangarin ng pag-aaral na ito.

Ayon naman sa Batas Pambansa Blg. 9593,[3] kailangang isulong ang industriya ng turismo bilang sustenable, responsable, nakikilahok, sensitibo sa usaping kultural, mabubuhay sa ekonomiya na mayroong etikal na pagkakapantay-pantay para sa lipunan at sa lokal na komunidad. Ang batas na ito ay naglalayong isulong ang turismo na hindi lang naglalayong makatulong sa pagpapaunlad ng ekonomiya kundi maging sa pagpapanatili nito. Hindi rin nililimitahan ng batas na ito ang turismo bagkus ay ginagawa itong ekslusibo para sa lahat lalo na pagdating sa usaping kultural.

Isa ang Pilipinas sa mga kilalang puntahan ng mga turista. Base nga sa datos ng Philippine Tourism Statistics, mayroong 8, 260, 913 (2019)[4] na turista ang bumisita sa Pilipinas. Patunay ang mga datos na ito kung gaano kaunlad ang turismo ng Pilipinas at iyan ay dahil sa tulong ng mga patalastas patungkol sa turismo. Sa pamamagitan ng mahusay na pag-aadbertismo ay madaling nakakarating o nakikita ng mga inaasahang madla ang tungkol sa mga nasabing atraksyon.

Kagaya na lamang ng isang bayan sa probinsiya ng Sorsogon na tampok dahil sa mga natatanging atraksyong panturista. Iyan nga ay ang bayan ng Bulusan, ayon sa Department of Tourism ang Bulusan ay isang *Eco-Tourism Zone.* Ang pinakakilalang atraksyon sa lugar ay ang Bulusan Volcano Natural Park kung saan ito ay isang protektadong lugar na may sukat na 3,672 hektarya na binubuo ng 5 munisipalidad. Ang Bulusan Volcano ay may taas na 1,565 sa ibabaw ng dagat at lawak na 400 kilometers. Mayroon itong tatlong lawa, ito ay ang Bulusan Lake na nasa paanan ng bulkan, Lake Aguingay na matatagpuan sa kalagitnaan ng bulkan at ang Blackbird's Lake na makikita malapit sa tuktok ng Bulkan. Angkop na angkop ang lugar ng Bulusan para sa mahilig sa bundok, sa mga gawaing pantubig at natural na kalikasan.

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa mga turismong atraksyon ng Bulusan. Hindi naman na lingid sa kaalaman ng mga tao ang mga atraksyong ito ngunit ang nais galugadin ng mananaliksik sa pag-aaral na ito ay ang mga istoryang bumabalot sa mga nasabing lugar. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito ay mabubuksan ang kaban ng mga nakatagong istorya na magbibigay ng tingkad sa mga nabanggit na pook-pasyalan. Ang mga istoryang ito ang magsisilbing pisi na magkokonekta sa mga turista at sa turismo. Likas na sa tao ang pagiging mahilig sa mga kwento kaya naman labis na makakatulong ang mga kwento ng turismo upang madaling maalala ang lugar at para sa mahusay na pag-aadbertismo. Napatunayan na mabisa ang paggamit ng mga kwento upang maging epektibo ang pagpapakilala ng isang lugar sa mga turista gaya na lamang ng pag-aaral ni Cao (2019)[5] natuklasan sa kanyang pag-aaral na ang pagkukuwento tungkol sa kasaysayan o pinagmulan ng isang lugar ay higit na nagpapayaman sa karanasan ng mga turista dahil napagtitibay ang tinatawag na place attachment sa pamamagitan ng hindi malilimutang mga kuwento.

Ang Wikang Filipino ay isa sa pinakamabisang gamitin na midyum sa paglalahad ng mga istoryang ito sapagkat ito ang pambansang wika at higit na nauunawaan ng nakakarami. Ayon nga sa Artikulo XIV ng Saligang Batas 1987 Seksyon 7[6] ukol sa mga layunin ng komunikasyon at pagtuturo, ang mga wikang opisyal ng Pilipinas ay Filipino at hangga't walang itinatadhana ang batas, Ingles. Pinagtibay pa ang batas na ito ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 335[7] na nilagdaan ni Pangulong Corazon C. Aquino na nagsasabing dapat gamitin ng lahat ng tanggapang pampamahalaan ang wikang filipino para sa kanilang opisyal na transakyon, komunikasyon at korespondensiya. Ang paggamit ng wikang Filipino ay mas makakatulong lalo sa paraan ng pag-aadbertismo dahil higit itong nauunawaan ng karamihan. Ayon nga sa pag-aaral nina Jolo at Marbella (2017)[8] mas marami ang turistang Pilipino o turistang lokal kaysa sa mga dayuhang turista kaya nararapat lamang na gamitin ang wikang Filipino pagdating sa mga usaping pang-turismo.

Base nga sa datos ng Municipal Tourism ng Bulusan[9] sa ilalim ng pamumuno ni Veronica B. Gallanosa, mayroong 88, 157 na turista na ang pumasok o bumisita sa Bulusan nitong unang semestre ng 2022 at isa nga sa pinakatampok na puntahan ng mga turista ay ang bagong ayos at bihis na Bulusan Lake Eco Tourism Park at kasama rin sa listahan ang Dancalan Beach na dinarayo rin ng mga turista na mahilig sa dagat. Kaakibat ng mga datos na iyan ay ang salik na dapat isaalang-alang na kanilang tanggapan, una nga riyan ay ang kamalayan. Kamalayan tungkol sa mga atraksyon na mayroon ang Bulusan at iyan nga ang nais na maiambag ng pag-aaral na ito. Makapagbigay ng kamalayan sa mga turista kung ano ang mga istorya na mapapabaon sa kanila na bawat atraksyon na mayroon ang Bulusan.

Ito ay isang panimulang pagtatangka upang tuklasin ang mga istorya ng natatanging turismong Bulusan. Sinasaklaw ng pag-aaral na ito ang istoryang turismo ng Bulusan.

## Layunin Ng Pag-Aaral

Natiyak sa pag-aaral na ito ang (1) mga natatanging istoryang nakapaloob sa turismo ng Bulusan, lalawigan ng Sorsogon (2) maidudulot ng turismong Bulusanon sa mga edukasyon, pamumuhay, turismo, at lokal na pamahalaan (3) maiaambag ng wikang Filipino sa pagpapakilala ng turismong Bulusanon.

## Pamamaraang Ginamit

Deskriptib-debelopmental ang ginamit na disenyo sa pag-aaral na ito.  Randon sampling ang ginamit na paraan sa pagpili ng mga

kalahok. Binubuo ng 40 kalahok mula sa pangkat ng komunidad, edukasyon, lokal na pamahalaan at turista. Nagsagawa ang mananaliksik ng sarbey at panayam sa mga namamahala at may-ari ng mga atraksyon na mayroon sa Bulusan. Ang mga nakalap na datos ay binigyan ng interpretasyon sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang estadisdika tulad ng frequency count at bahagdan.

## Mga Natuklasan

**Mga Natatanging Turismo ng Bulusan.**

Makikita sa ibaba ang mga kilala at bagong usbong na turismo na matatagpuan sa bayan ng Bulusan. Ito ay binubuo ng mga beach resorts, lawa, pasyalang tanawin, natural spring at eco-park. Inalam ng mananaliksik sa Bulusan Municipal Tourism kung ang mga nabanggit ay talagang matatagpuan sa bayan ng Bulusan.

**Bulusan Volcano Natural Park**

Ang pinakatanyag na turismo na matatagpuan sa Bulusan ay ang Bulusan Volcano Natural Park na matatagpuan sa Barangay ng San Roque, Bulusan, Sorsogon. Ito ay pinapamahalaan ng lokal na pamahalaan ng Bulusan, AGAP-BULUSAN na isang Non-Government Organization at PAMB. Mayroong iba't ibang gawain na maaaring gawin sa Bulusan Lake gaya ng kayaking, trekking sa kabuuan ng lawa, pagkuha ng larawan at maging ang simpleng pamamasyal sa loob ng lawa. Mayroon pa sanang Hanging Bridge ngunit ito ay nasira noong nanalasa ang bagyo. Maaari rin maging "venue" ang lawa para sa mga "Photoshoot.

**Zoe's Resort and Eco-Adventure Park**

Ang atraksyong ito ay para naman sa mahilig sa "adventure" at mga talon, narito ang Zoe Eco-Adventure Park na matatagpuan sa Barangay San Roque, Bulusan, Sorsogon. Ang nasabing atraksyon ay mayroong tatlong tampok na talon iyan nga ay ang "Kambal Busay Falls", "Hidden Falls" at ang "Naglahaw Falls". Mayroon din silang "swimming pool" para sa mga gustong lumangoy at magbabad. Kaya naman naging adventure ang tawag sa nasabing atraksyon sa kadahilanang kailangan mong lakarin ang mga matatarik na hagdan o daan upang marating ang mga kilalang talon ng nasabing atraksyon.

**Masacrot Cold Spring**

Isa pa sa tampok na atraksyon sa barangay ng San Roque ay ang Masacrot Spring kung saan ang lasa ng tubig dito ay "masakrot" sa wikang Bikol at "mapakla" naman sa wikang Filipino. Ang nasabing tubig ng Spring ay galing sa Bulkan ng Bulusan kaya naman ito ay maligamgam sa pakiramdam at mapakla ang lasa.

**Balay Buhay sa Uma Bee Farm**

Ito ay isang Agri-Farm kung saan mayroon itong mga alagang "Honey Bees" o mas kilala sa tawag na "Kiwot" sa salitang Bikol. Ang naturang atraksyon ay nagbibigay ng pakiramdam ng pamumuhay sa isang bukid sapagkat mayroon itong batis, palaisdaan, at malawak na taniman ng mga namumulaklak na halaman.

**Wood's Camp Resort**

Matatagpuan rin sa barangay ng San Roque ang Wood's Camp Resort, ito ay isang atraksyong na mayroong tatlong "swimming pool". Maaari rin ditong manatili magdamag sapagkat mayroon silang mga kubo o kwarto na pinaparentahan para sa pandamagang pananatili.

**Palogtoc Falls**

Isa pang atraksyon sa Barangay San Roque ay ang Palogtoc Falls. Ito ay tinawag na "Palogtoc Falls" sa kadahilanang noong unang panahon ito ay isang bangin at ang "Palogtoc" ay nangangahulugang "mahulugan sa ulo". Ito ay nilinang at pinaunlad na lamang ng mga namamahala kaya naman ito ay naging "swimming pool" kung saan makakapaglangoy ang mga turista.

**Nasipit Spring**

Ito ay matatagpuan sa Barangay ng San Rafael. Ito ay mayroong napakalamig na tubig na maaari kang magpalamig ng iyong mga inumin. Ang tubig rin ay sobrang linaw at hindi pa ito gaanong modernisado kaya naman ramdam na ramdam ang pagiging natural ng lugar.

**Lalud Beach**

Ang nasabing atraksyon ay perkpekto para sa mga turistang mahilig sa "adventure" at gusto ng pribado at tahimik na lugar sapagkat ito ay tago at kailangan mo talagang sadyain.

**Mabaga Hills**

Ito ay matatagpuan sa Barangay Lalud, Bulusan, Sorsogon. Ito ay isang "over-looking" na lugar na matatanaw mo ang bayan ng Bulusan at mga karatig isla. Tamang-tama para sa mga taong naghahanap lamang ng tanawin at mapapahinga ang mga mata dahil tanaw mo ang bayan ng Bulusan at maging mga kalapit na mga isla nito.

**Cogon High Lands and Leisure Hub**

Ito ay tinaguriang may "Panoramic View" dahil kahit saan ka ay may maganda kang tanawin na matatanaw. Kagaya na lamang ng Karagatang Pasipiko at Bulkang Bulusan. Mayroon din silang kainan kaya pwede kang magpaluto ng mga pagkaing gusto mo habang ikaw ay nagpapahinga sa kanilang lugar.

**Bayugin Falls**

Isa pang falls na matatagpuan sa barangay San Francisco ay ang Bayugin Falls ito ay para rin sa mga mahilig sa "adventure" dahil matarik rin ang daan na tatahakin bago mo ito marating ngunit sulit naman dahil napasariwa ng lugar. Damang-dama mo ang pagiging malapit sa kalikasan.

**Dancalan Beach Resort**

Ito ang malimit na dayuhin ng mga kalapit-bayan o ng mga turista dahil sa pinong buhangin at preskong tubig-dagat. Tampok rin ang lugar para sa mga iba't ibang klase ng okasyon gaya ng kaarawan, kasalan o maging konsyerto. Ang nasabing atraksyon ay matatagpuan sa barangay Dancalan, Bulusan, Sorsogon.

**Lola Soleng**

Ito ay pinapamahalaan ng pamilya Ortiz. Sumikat ang nasabing atraksyon noong panahon ng pandemya at hanggang sa kasalukuyan isa na ito sa mga dinarayong beach resort sa bayan ng Bulusan.

**Susana Beach Resort**

Ito ay matatagpuan sa barangay ng Dancalan. Ang pangalan ng atraksyon ay ibinase sa pangalan ng may-ari ng lugar. Isa na rin ito sa mga tampok na puntahan ng mga turista na mahilig sa dagat.

**Villa Luisa Celeste Resort**

Ito ay isang "all in one" na resort. Mayroon itong beach, may swimming pool, may event hall at mayroong mga paupahang kwarto o bahay para sa mga pandamagang o matagal na pananatili. Ito ay matatagpuan rin sa Barangay Dancalan.

**San Bernardino Light House**

Ang nasabing lighthouse ay matatagpuan sa gitna ng karagatan. Malapit na ito sa Samar ngunit ang pamamahala ng nasabing atraksyon ay nasa kamay ng lokal na pamahalaan ng Bulusan. Ang nasabing lighthouse ay isang historikal at kultural na atraksyon. Matatagpuan dito ay mga dating gusali sa panahon ng pananakop ng Espanyol. Pinapaniwalaan na ang lighthouse ay isa sa mga nagbibigay gabay sa mga bumabyaheng barko patungo sa Maynila at vice versa.

Ang mga nabanggit na mga atraksyon ay mayroon pagkakaparehas at pagkakaiba. Ang iba ay nasa iisang lugar lamang at ang iba naman ay nakatago at malayo sa kabihasnan. Kagaya na lamang ng Zoe's Resort and Eco-Adventure Park, Palogtoc Falls, Bayugin Falls at Nasipit Spring na pawang mayroong mga "Falls" o Talon na dinarayo ng mga turista. Ang Wood's Camp Resort at Masacrot Cold Spring ay nagkakapareho sa paraan parehas silang "swimming pool" ang pangunahing atraksyon at parehas silang matatagpuan sa Barangay San Roque. Ngunit nagkakaiba lamang sila dahil ang Masacrot Cold Spring ay maligamgam at mapakla ang tubig samantala ang Wood's Cam Resort naman ay malamig at banayad. Kung hindi ka naman mahilig lumangoy ay mayroon ding perpektong lugar para sa iyo. Iyan nga ay ang Mabaga Hills at Cogon Highlands and Leisure Hub dahil ito kilalang mga atraksyon para sa mga taong mahilig mag-sightseeing at ipahinga ang kanilang mga mata sa teknolohiya gaya ng gadgets. Isa pang atraksyon sa Barangay San Roque ay ang Balay Buhay sa Uma Bee Farm ito ang kaisa-isahang "Agri-Farm" sa bayan ng Bulusan. Mayroon itong batis na pwedeng paliguan, mga "Honey Bees" gaya ng Kiwot at palaisdaan. Ito ay isang lugar para sa mga taong nais munang umalis sa magulong lungsod at maghanap ng katahimikan.

Kung gusto mo naman ang tubig-alat sa iyong katawan marami kang pagpipilian na pwede mong puntahan sa bayan ng Bulusan, nariyan nga ang Dancalan Beach, Villa Susana Beach Resort, Lola Soleng at Villa Luisa Celeste Beach Resort. Lahat ng iyan ay matatagpuan sa barangay ng Dancalan. Mayroon pang isang dagat na pwede mong puntahan ngunit ito'y tawid-dagat naman. Kung mahilig kang sumakay sa bangka, ito na ang hinahanap mo. Ito nga ay ang San Bernardino Lighthouse na nasa gitna ng karagatan. Makikita dito ang sinaunang Parola o Lighthouse na tinayo pa noong panahon ng mga Kastila. Ito nga ay tinaguriang historikal at kulturan na atraksyon. Mayroon ng dagat, talon, pambihirang tanawin at parola ngunit may isa pang atraksyon na maaari mong puntahan. Ito ay isang lawa na pinaniniwalaang na siyang pusod ng dagat sa bayan ng Bulusan. Ito nga ay ang Bulusan Volcano Natural Park o mas kilala bilang Bulusan Lake. Ito ang kaisa-isang lawa na bukas at madaling puntahan ng madla. Kaya naman wala ka ng ibang hahanapin pa sa bayan ng Bulusan, nariyan na lahat ng magagandang likas na atraksyon o maging gawa ng tao.

Ayon nga kay Florido-Benitez (2022)[10] Ang digital at mobile na marketing, imprastraktura, branding, kalidad, aksibilidad at impormasyon tungkol sa isang partikular na destinasyon na kalimitang mga salik na hinihingi ng mga turista ay itinuturing na isang mahalagang paraan ng promosyon para sa industriya ng turismo. Ito nga ang layunin ng pag-aaral na ito. Ang makapagbigay ng mga impormasyon sa paraang pasulat o nakalathala upang ito'y hindi maging limitado at maaaring mabasa ng lahat.

**Maidudulot ng Turismong Bulusan sa Edukasyon, Komunidad, Lokal na Pamahalaan at Turismo.**

Makikita sa Talahanayan 2.A ang mga maidudulot ng turismong Bulusan sa edukasyon. Ipinapakita ng talahanayang ito kung alin ang may pinakamaraming sagot sa bawat epekto o dulot ng turismong Bulusan.

**Talahanayan 2.A: Dulot ng Turismong Bulusan sa Edukasyon**

| Dulot ng Turismong Bulusan sa Edukasyon | f | Ranggo |
|---|---|---|
| Magagamit ito sa akademikong gawain ng mga mag-aaral. | 29 | 5 |
| Magagamit bilang lunsaran sa pagtuturo ng kultura at tradisyon ng bayan ng Bulusan. | 38 | 1 |
| Magagamit ito bilang gabay sa pananaliksik. | 28 | 6 |
| Malalaman ang mahalagang impormasyon patungkol sa mga lugar at iba pang bagay na may | 37 | 2 |
| kaugnayan sa bayan ng Bulusan. | 33 | 3.5 |
| Makakatulong sa pagkilala ng kultura at tradisyon. | 20 | 10 |
| Magiging daan sa pagpapalaganap at pagpapaunlad ng bagong kurikulum. | 27 | 7 |
| Magkakaroon ng kamalayan hinggil sa kahalagahan ng turismo sa anumang larangan. | 33 | 3.5 |
| Matututong tangkilikin at pahalagahan ang sariling turismo na mayroon sa lugar. | 26 | 8 |
| Mapupukaw ang interes sa pagbabasa ng mga lathalain hinggil sa turismong Bulusan. | 25 | 9 |
| Magsisilbing kasangkapan upang maisagawa ang gawaing panlabas o recreation. | 2 | 11 |
| At iba pa (Makakatulong sa promosyon ng turismong Bulusan) | | |

Mapapansin sa talahanayan na ang nangungunang dulot ng turismong Bulusan sa Edukasyon ay magagamit ito bilang lunsaran sa pagtuturo ng kultura at tradisyon ng bayan ng Bulusan ayon ito sa 38 ang nagsabi na magagamit ito bilang lunsaran sa pagtuturo ng kultura at tradisyon ng bayan ng Bulusan. Nangangahulugan lamang ito na malaki ang maitutulong ng turismong Bulusan upang maging madali ang pagtuturo ng kultura at tradisyon ng Bulusan. Dagdag pa riyan mas madali itong maituturo at mapapaunawa sa mga mag-aaral sapagkat ito ay sarili nilang turismo. Ayon nga kay Basil, 2016 (banggit ni Escasinas, 2018)[11] may mahalagang gampanin ang edukasyon sa pagpapalago at pagpapanatili ng turismo kaya't hindi maisasantabi ang edukasyon. Edukasyon ay isang tulay upang mabago ang mundo at kaagapay sa paglago ng turismo.

Sumunod naman ang mga taong nagsasabing malalaman ang mahalagang impormasyon patungkol sa mga lugar at iba pang bagay na may kaugnayan sa bayan ng Bulusan na may 33 kalahok ang nagsabi. Magiging daan ang pag-aaral na ito upang mas lalong makilala ang mga atraksyon na mayroon sa bayan ng Bulusan. Makakatulong din ito sa mas malawak na pagpapakilala sa iba't ibang madla o turista. Base nga sa pag-aaral ni Florido-Benitez, 2022[12] isa sa mga hinahanap ng mga turista ay ang mga impormasyon tungkol sa lugar na kanilang pinupuntahan na nagsisilbi ring promosyon na nasabing atraksyon.

Parehas naman ng bilang o ranggo ang nagsabing makakatulong sa pagkilala ng kultura at tradisyon at matututong tangkilikin at pahalagahan ang sariling turismo na mayroon sa lugar na mayroon 33 na sagot mula sa mga kalahok. Patunay lamang na kailangan pagtuunan ng pansin at atensyon ang mga atraskyon lalo na ang may kinalaman sa kultura at tradisyon ng Bulusan gaya na lamang ng Bulusan Lake kung saan ito ay pinapaniwalaang dugo ng magkasintahang si Aguingay at Bulusan. Ang Bulusan Lake ay hindi lang basta pasyalan kundi ito ay binabalot ng mga istorya tungkol sa kasaysayan ng Bulusan.

Ang mga sumunod naman na kasagutan ay ang mga nagsabing na magagamit ito sa akademikong gawain ng mga mag-aaral, magagamit bilang gabay sa pananaliksik, magkakaroon ng kamalayan hinggil sa kahalagahan ng turismo sa anumang larangan, mapupukaw ang interes sa pagbabasa ng mga lathalain hinggil sa turismong Bulusan, magsisilbi itong kasangkapan upang maisagawa ang gawaing panlabas o recreation, magiging daan ito sa pagpapalaganap at pagpapaunlad ng bagong kurikulum at mayroong tumugon ng iba pa kung saan idinagdag nila na makakatulong sa promosyon ng turismong Bulusan. Ang mga nabanggit ay galing mula sa 29, 28, 27, 26, 25, 20 at 2 na mga kalahok ayon sa pagkakasunod. Ang mga kasagutang ito ay malinaw na implikasyon ng mahalagang gampanin ng turismo sa bayan ng Bulusan. Bilang isa itong bayang mayroong iba't ibang turismong destinasyon. Naipakita ng mga sagot na ito ang magagandang dulot ng turismo pagdating sa usaping edukasyon. Isa lamang ito patunay na ang edukasyon at turismo ay mayroong gampanin sa isa't isa.

Makikita sa Talahanayan 3.B ang maidudulot ng Turismong Bulusan sa Komunidad o sa mismong bayan ng Bulusan. Ang mga nabanggit na kasagutan ay tiyak na malaki ang maitutulong sa kaunlaran na komunidad sa pangkalahatan.

**Talahanayn 2.B: Maidudulot Ng Turismong Bulusan Sa Komunidad**

| Maidudulot ng Turismong Bulusan sa Komunidad | f | Ranggo |
|---|---|---|
| Makakatulong sa pag-unlad ng ekonomiya ng isang lugar. | 35 | 2 |
| Maaalagaan, mapapaganda at mapapaunlad lalo ang mga lugar na may kinalaman sa turismo. | 34 | 3 |
| Makakapagbigay ng karagdagang hanapbuhay sa mga mamamayan. | 37 | 1 |
| Mahihikayat ang mga tao na tumulong upang mapalaganap ang kalinangann ng lugar. | 28 | 7 |
| Matutuhang ipagmalaki ang mga turismong Bulusan. | 27 | 8.5 |
| Malalaman ang kahalagahan ng likas na yaman sa tao at magamit ito nang maayos. | 31 | 5 |
| Makakatulong sa pagpapaunlad at pagpapanatili ng kultura at tradisyon. | 29 | 6.5 |
| Mabibigyang-pansin ang ilang atraksyon upang ito'y ganap na maayos at mapaganda. | 29 | 6.5 |
| Matututong tangkilikin at pahalagahan ang sariling turismo na mayroon sa lugar. | 27 | 8.5 |
| Magkakaroon ng oportunidad ang mga lokal na negosyante na makabuo ng mga panibagong produkto o serbisyo. | 32 | 4 |

Ipinapakita ng mga datos sa talahanayan na nangungunang ambag ng turismo sa komunidad ay ang makakapagbigay ng karagdagang hanapbuhay sa mga mamamayan, 37 na kalahok ang naniniwala na makakapagbigay ng karagdagang hanapbuhay sa mga mamamayan ang turismong Bulusan. Nangangahulugan lamang ito na ang turismo ay nakakapagbigay ng hanapbuhay sa mga mamamayan o sa komunidad na kinabibilangan nito. Kaya naman kung ito ay makikilala at mapapaunlad mas maraming hanap-buhay pa ang maibibigay nito sa komunidad. Ayon nga kay Cruz, (2014) (banggit ni Escasinas)[13], may maganda at positibong epekto ang turismo pagdating sa ekonomiya. Makikita ito sa kita, trabaho, transakyon, at pangangalakal ng mga dayuhan.

May 35 namang naniniwala na makakatulong sa pag-unlad ng ekonomiya ng lugar. Kasabay ng pag-unlad ng turismo ng isang lugar ay ang pag-unlad rin ng ekonomiya nito sa kadahilanang ang turistang dumarayo ay nakadaragdag sa mga kita ng bawat negosyo na mayroon sa lugar. Halimbawa na lamang riyan ay ang "Pilinuts Products" na nakakahiligang bilhin ng mga turista bilang pampasalubong. Ayon nga kay Zurab Pololikashvili, UNWTO Secretary-General (August, 2020)[14] "Ang turismo ay susi ng pagkakaisa at pag-unlad. Kaya naman nararapat na gamitin natin ang kapangyarihang ito upang mapagbuklod ang mamamayan at

ang komunidad alinsunod sa Pandaigdigang Kodigo ng Etika para sa Turismo. Sa ganitong paraan ay maipagpapatuloy natin ang pagbibigay ng magandang oportunidad at mapanatili ang kaunlaran para sa lahat."

At ang mga sumunod naman ay nagsabing maaalagaan, mapapaganda at mapapaunlad lalo ang mga lugar na may kinalaman sa turisomo, magkakaroon ng oportunidad ang mga lokal na negosyante na makabuo ng panibagong produkto o serbisyo malalaman ang kahalagahan ng likas na yaman sa tao at magamit ito nang maayos na, nagsabing makakatulong sa pagpapaunlad at pagpapanatili ng kultura at tradisyon at mabibigyang-pansin ang ilang atraksyon upang ito'y ganap na maayos at mapaganda, mahihikayat ang mga tao na tumulong upang mapalaganap ang kalinangan ng lugar, matututuhang ipagmalaki ang mga turismong Bulusan at matututong tangkilikin at pahalagahan ang sariling turismo na mayroon sa lugar. Ito nga ang naging sagot ng mga kalahok na may bilang na 34, 32, 31, 29, 28, 27 ayon sa pagkakasunod-sunod.

Ayon nga kay Caballos (2007)[15], ang likas na yaman ay nalalagay sa kapahamakan kapag ito ay naabuso lalo na kung walang control ang mga tao o namamahala sa paggamit nito. Nararapat lamang na ang mga pinoprotektahang kalikasan o lugar ay huwag sisirain bagkus samahan ito ng mga gawain para lalo pa itong mapaunlad,

Matutunghayan sa Talahanayan 2.C ang maidudulot ng turismong Bulusan sa Turismo. Kung saan ipinahiwatig nito na mahalaga ang gampanin ng turismo sa mga turistang dumarayo o bumibisita sa bayan ng Bulusan.

**Talahanayan 2.C: Maidudulot Ng Turismong Bulusan Sa Turismo**

| Maidudulot ng Turismong Bulusan sa Turismo | f | Ranggo |
|---|---|---|
| Mapapataas ang kawilihang tuklasin ang natatagong ganda ng kapaligiran. | 38 | 1 |
| Makapagbibigay saya at makabuluhang pamamasyal. | 28 | 7.5 |
| Makakatulong sa pagpapakilala ng kulturang Pilipino. | 28 | 7.5 |
| Makilala ang mga magagandang atraksyon. | 30 | 5 |
| Mahihikayat na tangkilikin ang Turismong Bulusan. | 31 | 3.5 |
| Malalaman ang mga mahahalagang impormasyon na nais puntahan. | 25 | 10 |
| Matangkilik o mapahalagahan ang hatid ng kapaligiran. | 26 | 9 |
| Maranasan ang pamumuhay at tradisyon ng isang lugar at makilala ang sarili sa paglalakbay. | 29 | 6 |
| Matututong tangkilikin at pahalagahan ang sariling turismo na mayroon sa lugar. | 31 | 3.5 |
| Matangkilik ang mga umuusbong na bagong atraksyon at ang mga hindi na gaanong aktikbong atraksyon. | 33 | 2 |

Nangungunang dulot ng turismong Bulusan sa turismo ay mapapataas ang kawilihang tuklasin ang natatagong ganda ng kapaligiran at iyan nga ay makikita sa talahanayan sa itaas. Ito ang sagot ng 38 na kalahok sa pag-aaral. Nangangahulugan ito na ang mga turista ay hindi lamang gustong puntahan ang mga kilalang pasyalan kundi maging ang mga nakatago o hindi pa gaanong kilala na atraksyon. Sa pamamagitan nito ay matutulungang malinang ang mga nasabing lugar na magreresulta sa kaunlaran at pagiging tampok nito. Ayon nga sa UNWTO Covid 19 and Tourism (2020)[16], mas nakilala ang lokal na turismo dahil mas pinili na lamang ng mga turista ang mag-*staycation* o magbakasyon sa malapit lamang sa kanilang tahanan. Kasabay nito ay ang paghahanap ng mga tao ng isang awtentikong lugar kaya naman mas nabigyang-pansin ang mga lokal na komunidad.

Sinundan ito ng matangkilik ang mga umuusbong na bagong atraksyon at ang mga hindi na gaanong aktikbong atraksyon na may 33 na sagot mula sa mga kalahok. Ito'y nangangahulugan na sa pagkakaroon ng mga materyales gaya ng patalastas ay maipapakilala ang mga bagong atraksyon at hindi gaanong aktibong atraksyon sa madla upang ito tangkilikin rin ng mga turista. Ayon nga sa pag-aaral nina Ralota et. al (2021) na pinamagatang "Assessment of Sustainable Tourism in Region 7 and Its Implication" natuklasan sa kanilang pag-aaral na ang turismo upang maging sustenable ay nangangailangan ng suporta ng komunidad at ng lokal na pamahalaan kung saan ito nakabase.

Ambag din ng turismong Bulusan sa Turismo ay ang mahihikayat na tangkilikin ang Turismong Bulusan at matututong tangkilikin at pahalagahan ang sariling turismo na mayroon sa lugar na may parehong 31 na sagot mula sa mga kalahok. Ang dalawang nabanggit na ambag ay nangangahulugang ang mga turista ay hindi lang namamasyal sa isang lugar kundi mayroon din silang pagpapahalaga para sa ikauunlad at ikagaganda nito.

Ang iba pang ambag ng turismong Bulusan sa Turismo ay ang makilala ang mga magagandang atraksyon, maranasan ang pamumuhay at tradisyon ng isang lugar at makilala ang sarili sa paglalakbay, makapagbigay ng saya at makabuluhang pamamasyal at makatutulong sa pagpapakilala ng kulturang Pilipino, matangkilik o mapahalagahan ang hatid ng kapaligiran at malalaman ang mga mahahalagang impormasyon na nais puntahan. Iyan nga ang naging sagot ng 30, 29, 29, 26, 25 na mga kalahok ayon sa pagkakasunod. Ipinapakita lamang nito na mahalaga ang pagkakaroon ng patalastas sa pag-usbong at pag-unlad ng isang turismong atraksyon kagaya na lamang ng pahayag ni Florido-Benítez, L. (2022) na isa sa mga salik na hinahanap ng mga turista ay ang mga promosyong digital o mga impormasyon tungkol sa kanilang destinasyon.

Matutunghayan sa Talahanayan 2.D ang maidudulot ng turismong Bulusan sa Lokal na pamahalaan. Kung saan ipinapahiwatig nito na malaki ang gampanin ng turismo sa lokal na pamahalaan at gayundin ang lokal na pamahalaan sa turismo. Ang dalawa ay kailangang magtulungan o magkaisa upang makamit ang ninanais na pag-unlad.

**Talahanayan 2.D: Maidudulot Ng Turismong Bulusan Sa Lokal Na Pamahalaan**

| Maidudulot ng Turismong Bulusan sa Lokal na Pamahalaan | f | Ranggo |
|---|---|---|
| Magkakaroon ng gabay sa pagbuo ng mga organisasyon na magpapaunlad sa turismo. | 37 | 1 |
| Makatutulong sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng isang lugar o bansa. | 32 | 2 |
| Mapapalakas ang turismo sa isang lugar. | 26 | 8.5 |
| Makagagawa ng ordinansa hinggil sa pangangalaga ng naturang atraksyon. | 29 | 3.5 |
| Mapapayaman ang turismo kasabay ng paglago ng ekonomiya. | 27 | 7 |
| Maipatupad nang maayos ang mga batas o ordinansang naglalayong mapangalagaan ang naturang atraksyon. | 26 | 8.5 |
| Mabigyang tuon ang mga atraksyon na ngayo'y umuusbong at mabuhay muli ang mga hindi aktibo. | 29 | 3.5 |
| Makagawa ng programa kagaya ng paglalaan ng tulong pinansyal sa ilang atraksyon upang mas lalo itong mapaganda. | 28 | 5.5 |
| Magsisilbing kasangkapan upang maisagawa ang gawaing panlabas o recreation. | 22 | 10 |
| Makakatulong sa pagpapakilala ng kultura ng nasabing lugar. | 28 | 5.5 |

Nangunguna sa ambag ng turismong Bulusan sa Lokal na pamahalaan ay magkakaroon ng gabay pagbuo ng mga organisasyon na magpapaunlad sa turismo. Ito ang sagot ng 37 na kalahok sa pag-aaral. Nangangahulugan lamang na ito mapapadali ang pagbuo ng mga organisasyon na nakatuon sa pagpapaunlad ng turismo sa tulong ng pag-aaral na ito. Malalaman rin ang mga pangunahing kailangan na dapat tugunan upang mapanatili at mapaunlad ang turismo. Ayon nga sa Batas Republika Blg. 9593, Seksyon 2[17], na tiyakin ang pagpapaunlad ng turismo ng Pilipinas para sa mamamayang Pilipino, pangalagaan at ipagmalaki ang mga pamana, pambansang pagkakakilanlan at pagkakaisa.

Ikalawang ambag naman ng turismong Bulusan sa lokal na pamahalaan ay makakatulong sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng isang lugar o bansa na mayroon 32 na sagot mula sa mga kalahok. Tunay ngang ang turismo ay may kaugnayan sa pag-unlad ng ekonomiya ng isang lugar o ng isang bansa. Malaki ang nadadagdag sa ekonomiya ng isang lugar kapag mayroon itong mga turismong dinadarayo ng mga turista. Hindi lang ekonomiya ang natutulungan ng turismo kundi maging ang komunidad na kinabibilangan nito dahil nakakapagbigay ito ng trabaho sa madla. Isang halimbawa na nga riyan ay ang bilang ng mga turistang bumisita sa Bulusan Lake simula ng magbukas ito noong Marso. Nakapagtala sila ng 44,073 ng kabuuang bilang ng mga bumisita sa nasabing atraksyon simula Marso hanggang hulyo nitong kasalukuyang tanong. Iyan ang magandang implikasyon na dulot ng turismo sa ekonomiya ng isang lugar. Ayon nga kay Pololikashvili sa buong mundo, sa mga bansang umuunlad pa lamang ay maraming trabaho at negosyo ang nakadepende sa malakas at umuusbong na turismo. Ang turismo rin ang nagsisilbing puwersang tumutulak upang protektahan ang mga natural at kultural na pamana nang sa gayon ito ay mapangalaan para sa mga susunod pang henerasyon.

Sumunod naman na ambag ng turismong Bulusan sa lokal na pamahalaan ay ang mabigyang-tuon ang mga atraksyon na ngayo'y umuusbong at mabuhay muli ang mga hindi aktibo. Sa dinadami-dami ng mga atraksyong mayroon ang isang lugar mayroon talagang higit na kilala o nangingibabaw at mayroon namang pasibol o nag-uumpisa pa lamang. Kaya naman layunin ng pag-aaral na ito na maibukas sa madla ang mga umuusbong at hindi gaanong aktibong mga atraksyon upang ito'y tangkilikin rin. Bigyan din ng magandang pagpapakilala nang sa gayon ito'y mas lalong umunlad. Naniniwala rin ang 29 na kalahok na ang ambag ng turismong Bulusan sa lokal na pamahalaan ay makagagawa ng ordinansa hinggil sa pangangalaga ng naturang atraksyon. Ito'y nangangahulugang ang mga tao ay may sapat na kamalayan tungkol sa pagpapahalaga ng natural na kalikasan at ito'y kailangan na lamang bigyan ng gabay upang maipatupad at sundin ng mga tao. Ang mga ordinansa ito ang magsisilbing proteksyon ng mga atraksyon upang ito'y maabuso at mapabayaan.

Ang iba pang naging sagot ng mga kalahok ay ang mga sumusunod: makagawa ng programa kagaya ng paglalaan ng tulong pinansyal sa ilang atraksyon upang mas lalo itong mapaganda at makakatulong sa pagpapakilala ng kultura ng nasabing lugar, mapapayaman ang turismo kasabay ng paglago ng ekonomiya, mapapalakas ang turismo sa isang lugar at maipatupad nang maayos ang mga batas o ordinansang naglalayong mapangalagaan ang naturang atraksyon at magsisilbing kasangkapan upang maisagawa ang gawaing panlabas o recreation. Iyan nga ang naging kasagutan ng mga kalahok na may bilang na 28, 28, 27, at 26 ayon sa pagkakasunod-sunod. Iyan nga ang nais bigyan ng diin ni Ralota, 2021 sa kanilang pag-aaral na upang maging sustenable ang turismo nangangailangan ito ng suporta ng komunidad at ng lokal na pamahalaan kung saan ito nabibilang.

**3. Ambag ng Wikang Filipino sa Pagpapakilala ng Turismong Bulusan.**

Makikita sa Talahanayan 3 ang maiaambag ng wikang Filipino sa pagpapakilala sa Turismong Bulusan. Inilahad dito ang malaking gampanin ng wikang Filipino upang maging matagumpay na maipakilala ang Turismong Bulusan.

**Talahanayan 3: Ambag Ng Wikang Filipino Sa Pagpapakilala Ng Turismong Bulusan**

| Maiaambag ng Wikang Filipino sa pagpapakilala ng Turismong Bulusan | f | Ranggo |
|---|---|---|
| Maipakilala ang wikang Filipino sa iba't ibang lahi. | 26 | 6.5 |
| Mapapaunlad ang turismo kasabay ng wika. | 31 | 1 |
| Madaling maunawaan ng mga turistang Pilipino ang patalastas na nakalimbag sa wikang Filipino. | 29 | 2.5 |
| Maipapakita ang pagtangkilik at pagmamahal sa wika. | 26 | 6.5 |
| Makatutulong sa maayos at organisadong pagpapakilala ng turismo. | 26 | 6.5 |
| Magkakaroon ng literature na nakalimbag sa Filipino. | 22 | 10 |
| Mahalaga ito dahil madaling gamitin ang ating wika bilang bahagi ng ating pagkatao at pagpapakilala nito. | 26 | 6.5 |
| Makatutulong ito upang madaling maipabatid ang karagdagang kaalaman tungkol sa turismong Bulusan. | 27 | 4.5 |
| Mahalaga ito upang matuto ang mga dayuhang turista ng ating sariling wika. | 27 | 4.5 |
| Mapapadali ang paggawa at pag-unawa sa mga patalastas, alituntunin at direksiyon kapag ito'y nakalimbag sa wikang Filipino. | 29 | 2.5 |

Lumalabas sa pag-aaral na ayon sa 31 na kalahok sa pag-aaral ay, mapapaunlad ang turismo kasabay ng wika. Nangangahulugan ito na ang wika at turismo ay magkaugnay. Kaya naman kung ito ay gagamitin ng sabay ay tiyak ang magandang dulot nito. Isa rin itong implikasyon na hindi na lingid sa kaalaman ng madla ang tulong ng paggamit ng sariling wika o ng wikang Filipino.

Ayon nga kay Villanueva (2012)[18], upang mamalas ang gampanin ng wika sa pagpapaunlad ng bansa, nararapat lamang na ang wika ay ginagamit, nauunawaan at patuloy na pinayayaman ng lahat ng lipunan. Ito ay isang patunay na napakaganda kung pahahalagahan, tatangkilikin, papaunlarin, at pagyayamanin natin ang sariling wika kasabay ng pagpapakilala ng anumang yaman ng bansa lalo na sa pagpapakilala ng turismo na may malaking ambag sa pagpapataas ng ekonomiya ng isang bansa.

Sinundan ito ng madaling maunawaan ng mga turistang Pilipino ang patalastas na nakalimbag sa wikang Filipino at mapapadali ang paggawa at pag-unawa sa mga patalastas, alituntunin at direksiyon kapag ito'y nakalimbag sa wikang Filipino na may parehong 29 na sagot mula sa mga kalahok. Nangangahulugan naman ito na mas magiging madali ang komunikasyon at pag-unawa kung nakalimbag sa wikang Filipino ang mga patalastas. Gayundin ang mga alituntunin at direksiyon dahil ang wikang Filipino ay nauunawaan ng lahat.

Mayroon namang 27 na nagsabing makatutulong ito upang madaling maipabatid ang karagdagang kaalaman tungkol sa turismong Bulusan at mahalaga ito upang matuto ang mga dayuhang turista ng ating sariling wika. Nangangahulugan lamang ito na ang wikang Filipino ang susi upang mas madaling maipabatid ang karagdagang kaalaman tungkol sa turismo dahil ito nga'y nauunawaan ng lahat. Isa pang kagandahang dulot nito ay matututo ang mga dayuhang turista ng ating sariling wika at malalaman nila kung gaano ito kaganda at kayaman na lalong mas makakadagdag sa kanilang karanasan.

Sinundan naman ito ng maipakilala ang wikang Filipino sa iba't ibang lahi. Nangangahulugan ito na ang wikang Filipino ay isang wika na mayaman. Nararapat lamang ipagmalaki at ipakilala sa buong mundo nang sa gayon ito'y makasabay sa pag-unlad ng iba pang wika at maging intelektwalisado ito. Isa pang ambag ng wikang Filipino sa Turismo ng Bulusan ay maipapakita ang pagtangkilik at pagmamahal sa wika. Nangangahulugan ito na ang wika ay buhay na kailangang gamitin upang mapanatili ang paghinga nito. Isa nga sa pamamaraan upang maipakita mo ang pagtangkilik at pagmamahal mo sa wika ay ang paggamit nito sa iba't ibang larang gaya ng lamang ng turismo. Dagdag pa na ambag na wikang Filipino sa turismo ng Bulusan ay makatutulong sa maayos at organisadong pagpapakilala ng turismo. Nangangahulugan na mas magiging maayos at organisado ang pagpakilala ng turismo kapag nakalimbag sa sariling wika dahil nagbibigay ito ng lakas-loob sa tagapagsalita na maipahayag sa mas madaling paraan dahil sariling wika niya ang gamit. Hindi magkakaroon ng pag-aalinlangan o pagkahiya na makipag-usap sapagkat kampante siya sa kaniyang mga binibitawang salita gamit ang sariling wika. At isa pang amabag ay mahalaga ito dahil madaling gamitin ang ating wika bilang bahagi ng ating pagkatao at pagpapakilala nito. Nangangahulugan lamang ito na ang wikang Filipino ay identidad ng Filipino. Ang paggamit nito ay nangangahulugan ding itinatayo mo ang iyong lahi at ipinapakilala sa lahat. Ang lahat ng nabanggit na ambag ay nakakuha ng 26 na sagot sa mga kalahok.

Panghuling ambag ng wikang Filipino sa turismo ay magkakaroon ng literatura na nakalimbag sa Filipino ayon sa 22 na sagot ng mga kalahok. Nangangahulugan ito na ang pag-aaral na ay magsisilbing daan upang may mailimbag na literaturang panturismo gamit ang wikang Filipino. Kaugnay nito ay mahihikayat ang mga dayuhan na pag-aralan ang wikang Filipino upang maunawaan nila ang mga nakalimbag sa mga literaturang patungkol dito na magdudulot naman ang kaunlaran sa wikang Filipino at sa turismo.

## Konklusyon at Rekomendasyon

Marami na ang kilalang turismo sa bayan ng Bulusan napapangkat ito sa mga beach resorts, lawa, pasyalang tanawin, natural spring at eco-park. Iba't iba ang dulot ng turismo ng Bulusan Ang maidudulot ng turismong Bulusan, sa edukasyon ay magagamit

bilang lunsaran sa pagtuturo ng kultura at tradisyon ng bayan ng Bulusan. Sa komunidad, makakapagbigay ng karagdagang hanapbuhay sa mga mamamayan. Sa lokal na pamahalaan tulong ito sa pagkakaroon ng gabay sa pagbuo ng mga organisasyon na magpapaunlad sa turismo. Samantalang sa turismo ito ay napgapataas ang kawilihang tuklasin ang natatagong ganda ng kapaligiran. Malaki ang ambag ng wikang Filipino sa turismo ng Bulusan lalo sa pagpapakilala magagawa nitong mapaunlad ang turismo kasabay ng wika. Inirerekomenda na kailangang paigtingin pa ang pagpapakilala at promosyon ng turismo ng Bulusan at maaaring maging daana ng social media upang ito' maisakatuparan nang sa gayon ito ay higit pang makilala ng mas nakakarami. Maaaring magamit ng mga mag-aaral ang literaturang bunga ng pag-aaral na ito upang maging lunsaran sa pag-aaral. Sa komunidad, makakatulong ang literaturang ito upang malaman ang mga impormasyon patungkol sa turismo ng Bulusan na magiging gabay nila para makapagbigay impormasyon sa mga nagtatanong na turista. Sa lokal na pamahalaan, makakatulong ito na mapaghusay at mapaigting ang organisasyong namamahala sa usaping turismo. Sa turista, ito ay magsisilbing gabay nila para sa mga destinasyong nais nilang puntahan. Maaaring gumawa ang lokal na pamahalaan ng mga babasahing patungkol sa turismo gamit ang wikang Filipino na magsisilbing promosyon o pagpapakilala sa turismo ng Bulusan. Maaaring magsagawa ng pag-aaral na may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik upang maging sandigan at gabay ng mga susunod na mananaliksik.

## Talasanggunian


1. United Nations World Tourism Organization. (2020). Covid 19 and Tourism: Tourism in Pre-pandemic Times. Retrieved from www.unwto.org/covid-19-and-tourism-2020
2. The LawPhil Project. (2010). Republic Act 10066. Retrieved from https://lawphil.net/statutes/repacts/ra2010/ra_10066_2010.html
3. Department of Tourism. (2020). Republic Act No. 9593. Retrieved from http://www.tourism.gov.ph/Downloadable%20Files/Updated_RA_9593_and_IRR_(as_of_01_Nov_2020).pdf
4. Department of Tourism. (2019). 2019 Philippine Tourism Statistics. Retrieved from http://www.tourism.gov.ph/industry_performance/Dissemination_forum/2019_Tourism_Industry_Report.pdf
5. Cao, N. (2019). Storytelling and its effects on tourist experience. Retrieved from https://www.theseus.fi/handle/10024/161042
6. Official Gazette. Ang Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas 1987. Retrieved from https://www.officialgazette.gov.ph/constitutions/ang-konstitusyon-ng-republika-ng-pilipinas-1987/
7. Official Gazette. Executive Order No. 335, s. 1988. Retrieved from https://www.officialgazette.gov.ph/1988/08/25/executive-order-no-335-s-1988/
8. Jolo, P., & Marbella, F. (2018). Filipino: Gamit sa Literaturang Panturismo. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research. 7(1).1-6
9. Gallanosa, V. (2022). Municipal Tourism of Bulusan: Tourism Report 2022
10. Florido-Benitez, L. (2022). The Impact of Tourism Promotion in Tourists Destinations: A bibliometric Study. International Journal of Tourism Cities. Retrieved from https://doi.org/10.1108/IJTC-09-2021-0191
11. Escasinas, Lorna B. (2018) Wikang Filipino sa Turismong Gubatnon, Sorsogon State College, Sorsogon City
12. Florido-Benitez, L. (2022). The Impact of Tourism Promotion in Tourists Destinations: A bibliometric Study. International Journal of Tourism Cities. Retrieved from https://doi.org/10.1108/IJTC-09-2021-0191
13. Escasinas, Lorna B. (2018) Wikang Filipino sa Turismong Gubatnon, Sorsogon State College, Sorsogon City
14. Zurab Polikashvilli. (2022). World Tourism Day 2022. Retrieved from https://www.unwto.org/zh-hans
15. Escasinas, Lorna B. (2018) Wikang Filipino sa Turismong Gubatnon, Sorsogon State College, Sorsogon City
16. United Nation World Tourism Organization. (2020). Covid 19 and Tourism: Tourism in Pre-Pandemic Times. Retrieved from https://www.unwto.org/covid-19-and-tourism-2020
17. Department of Tourism. (2020). Republic Act No. 9593. Retrieved from http://www.tourism.gov.ph/Downloadable%20Files/Updated_RA_9593_and_IRR_(as_of_01_Nov_2020).pdf
18. Villanueva, Voltaire M., Wikang Filipino: Wikang Panlahat, Salalayan sa Pagtamo ng Likas-kayang Pag-unlad. pp.6